# PAUNAWA NG HALALAN

SA PAMAMAGITAN NITO AY IBINIBIGAY ANG PAUNAWA na gaganapin ang isang Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Lunsod ng National City, California, sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa sumusunod na mga Opisyal at (mga) Panukala:

**Para sa (2) Miyembro ng Konseho ng Lunsod**

(Distrito 2) (Buong Termino na Apat na Taon) (Distrito 4) (Buong Termino na Apat na Taon)

| | |
|---|---|
| Dapat bang ipagtibay ang Panukala na magdaragdag ng Espesyal na Buwis sa Parsela sa Lunsod ng National City na gagamitin sa mga kalye at parke, na ibabatay ang sisingilin sa katangian ng ari-arian at hindi sisingilin ang ilang partikular na uri ng mga ari-arian, na kokolektahin simula sa 2025, at magpapatuloy hanggang sa ipawalang-bisa ng mga botante, na mayroong komite ng nagbabantay, na lilikom ng tinatantiyang $1.7 miyong dolyar taon-taon? | **OO** |
| | **HINDI** |

Magsisimula ang yugto ng nominasyon para sa mga katungkulang ito sa Lunes, Hulyo 15, 2024, at magsasara sa Biyernes, Agosto 9, 2024 nang 6:00 p.m. Kung hindi maihahain ang mga papel ng nominasyon para sa nanunungkulang maihahalal na opisyal sa pagsapit ng 6:00 p.m. nang Biyernes, Agosto 9, 2024, papalawigin ang yugto ng nominasyon hanggang sa Miyerkules, Agosto 14, 2024 nang 6:00 p.m para sa sinumang tao, maliban sa isang nanunungkulan.

Kung wala o iisang tao lang ang imumungkahi para sa isang inihahalal na katungkulan, maaaring maghirang ng iluluklok sa inihahalal na katungkulan gaya ng isinasaad ng § 10229, Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California.

- **Simula sa Lunes, Oktubre 7**, isasagawa ang Maagang Pagboto sa Opisina ng Tagapagrehistro, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- **Simula sa Sabado, Oktubre 26,** magbubukas araw-araw ang mga piling sentro ng pagboto at ang opisina ng Tagapagrehistro mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. hanggang sa Nobyembre 4.
- **Simula sa Sabado, Nobyembre 2,** magbubukas araw-araw ang mahigit 200 sentro ng pagboto at ang opisina ng Tagapagrehistro mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. hanggang sa Nobyembre 4.
- **Sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Nobyembre 5,** magbubukas ang lahat ng sentro ng pagboto, mga opisyal na drop box ng balota, at ang opisina ng Tagapagrehistro mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Shelley Chapel, MMC
Klerk ng Lunsod / Opisyal ng mga Halalan
Nilagyan ng Petsa: Hulyo 5, 2024